Australian Government

NATIONAL
CERVICAL SCREENING
PROGRAM
A joint Australian, state and territory government program

Cervical na pagpa-screening

Ang isang pagsusuri na may 2 pagpipilian na ginagawa tuwing 5 taon ay makakapagligtas ng iyong buhay

Ano ang kanser sa cervix (kuwelyo ng matris)

Nangyayari ang kanser kapag ang abnormal na mga selyula ay walang kontrol na tumubo at naging isang bukol (lump) o kumalat sa iba pang mga bahagi ng katawan. Ang cervical na kanser ay nagsisimula sa mga selyula na lumilinya (lining) sa cervix. Ang cervix ay ang daanan (opening) sa ibaba ng iyong bahay-bata (uterus) at ikinokenekta ang puki (vagina) sa bahay-bata(womb).



Ano ang Cervical Screening Test?

Hinahanap ng pagsusuri ang human papillomavirus (HPV). Ang HPV ay isang karaniwang virus at siyang sanhi ng halos lahat ng mga cervical na kanser. Sa Australia, ang Cervical Screening Test ang pumalit sa 'Pap smear' noong 2017.

Ang karamihang kaso ng HPV ay walang mga sintomas at gumagaling ng kusa, ngunit kung ang HPV ay nanatili sa katawan ng matagal na panahon, ito ay kung minsan nagsasanhi ng mga pagbabago sa mga selyula na nasa cervix. Sa paglipas ng panahon, itong mga pagbabago ay kung minsan nagiging kanser, kaya ang kinagawiang gawain na mga Cervical Screening Test ay mahalaga.

Ang HPV kalimitan ay hindi nagsasanhi ng pagsakit o iba pang mga senyales sa simula. Ang screening ay nagdudulot sa iyo at sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga na mahanap at bantayan ang anumang HPV bago pa ito magsanhi ng mga pagbabago sa selyula. Na kung ang kanser ay nakita nang maaga, mas madali ang 'paggagamot nang matagumpay.

Ang bakuna sa HPV ay nagpoprotekta laban sa karamihang pinakakaraniwang mga klase ng HPV, ngunit hindi sa lahat ng mga ito.

Kahit na mayroon kang bakuna laban sa HPV, kailangan mo pa rin ang kinagawiang gawain sa pagpa-screening.

Alamin ang karagdagan:

health.gov.au/ncsp

o tumawag sa Rehistro ng Pambansang Pag-screen sa Kanser (National Cancer Screening Register) sa **1800 627 701**

Mayroon kang 2 mga pagpipilian para sa iyong Cervical Screening Test

Ang mga pagpipilian ay parehong ligtas at wasto sa pagtutukoy ng HPV.



PAGPIPILIAN 1

Ikaw sarili mo ang gagawa ng pagsusuri.

Gagamitin mo ang isang manipis, malambot na pamahid (swab) para kumolekta ng sample sa iyong puki (vagina).

Paano gagawin ang sariling pagsusuri (Sariling Pagkolekta)

Maaari mong gawin ang pagsusuri ng iyong sarili o makakahingi ka ng tulong sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga para sa self-swab (sariling pampahid) - kalimitan ay doktor, nurse, o magtatrabaho sa pangkalusugang pangangalaga.

Bibigyan ka ng iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ng isang pamahid (swab) at sa lugar na pribado mo gawin ang iyong pagsusuri.

1. **Alisin ang swab sa lalagyang tube.**
2. **Ipasok ang swab sa iyong puki.**
3. **Hindi mo kailangang ipasok hanggang cervix Ang swab ay kalimitang may markang pula na palatandaan kung hanggang saan ang pagpasok.**
4. **Paikutin ang pagpahid ng swab sa paligid para makakolekta ng sample sa iyong puki.**
5. **Kapag nagawa na, ilagay ang swab balik sa tube at ibigay ang tube sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.**

SA KAGANAPANG ANG HPV AY NATAGPUAN:

Kung ikaw ang gumawa ng test sa iyong sarili, kailangan kang bumalik para sa isang follow-up test.



PAGPIPILIAN 2

Ipagawa sa tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga.

Ang doktor o nurse ay gagamit ng speculum para kumolekta ng sample mula sa iyong cervix.

Kung paano ginagawa ng tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ang pagsusuri

1. **Makakasama mo sa pribadong lugar ang iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga – kalimitan ay doktor, nurse, o magtatrabaho sa pangkalusugang pangangalaga.**
2. **Sasabihin sa iyo na hubarin ang mga damit mula beywang pababa at humiga nang nakatingin sa kisame.**
3. **Ang doktor o nurse ay gagamit ng kasangkapan (device) na ang tawag ay speculum, upang madaling marating (access) ang iyong cervix.**
4. **Ang doktor o nurse ay gagamit ng malambot na brush para kumolekta ng kaunting sample ng mga selyula mula sa iyong cervix.**

SA KAGANAPANG ANG HPV AY NATAGPUAN:

Kung ang tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga ang gumawa ng iyong test, magagamit ng laboratoryo ang kaparehong sample para masuri kaagad kung may mga pagbabago sa selyula.

MAHALAGA

Kung nagkaroon ka ng pambihirang pagdurugo o sumakit ang iyong puki, makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangkalusugang pangangalaga kaagad, maging anuman kung kailan ginawa ang Cervical Screening Test.

Australian Government

NATIONAL CERVICAL SCREENING PROGRAM
A joint Australian, state and territory government program

Tingnan ang detalyadong mga instruksyon at dagdag na mapagkukunan dito:

www.health.gov.au/cervical-resources